# *Payak na Wikang Buod ng Polisa sa Tulong Pinansiyal*

**Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona**

## Inalok na Tulong Pinansiyal

Ang misyon ng Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ay magbigay ng pinakamahusay na pag-aalaga para sa bawat pasyente. Bilang bahagi ng misyong ito, naghahandog ang Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona ng tulong pinansiyal sa pamamagitan ng Polisa nito sa Tulong pinansiyal sa mga pasyenteng hindi makakapagbayad ng emergency o medikal na kailangang pag-aalaga.

## Mga Kailangan sa Pagiging Nararapat at Inaalok na Tulong

Ang pagiging nararapat sa tulong pinansiyal at batay sa maraming salik, kabilang ang katangian ng kundisyon at pag-aalagang kailangan, sakop sa insurance o mga ibang pinagmumulan ng bayad (kabilang ang paghabol sa personal na pinsala), kita (mga gabay sa Federal Poverty Level na ginamit para alamin ang dami ng tulong pinansiyal na inaalok), laki ng pamilya, mga ari-arian at anumang espesyal na konsiderasyon nais isaalang-alang ng pasyente o manggagamot.

Ang tulong pinansiyal ay hinahadog sa mga pasyente na walang insurance at kulang ang insurance. Ibibigay ang bahagya o buong tulong pinansiyal batay sa kakayahan ng pasyenteng bayaran ang mga bayarin sa singil.

Dapat ganap na sumunod ang mga pasyente sa proseso ng aplikasyon kabilang ang pagsusumite ng mga tax return, bank statement at payslip, pati na pagkumpleto ng proseso ng aplikasyon para sa lahat ng pinagmulan ng tulong, kabilang ang Medicaid o Medical Assistance.

## Paano Mag-apply para sa Tulong

Ang pasyente o sinumang taong kaugnay sa pag-aalaga ng pasyente, kabilang ang miyembro ng pamilya o tagapagbigay ay maaaring magpahiwatig ng mga alalahaning pinansiyal sa anumang punto sa pag-aalaga ng pasyente. Ang pasyente o responsableng partido ay hihikayating kumumpleto ng aplikasyon sa tulong pinansiyal.

Ang tulong pinansiyal ay limitado sa pag-aalagang medikal na nilaan sa ospital ng Mayo Clinic at ng medikal na tauhan ng Mayo Clinic. Ang mga gastos na tulad ng pagbiyahe, pagkain, tiragan, matibay na medikal na kagamitan at mga reseta ay hindi Sakop sa ilalim ng Polisa ng Tulong Pinansiyal. Pananatiliin ng Mayo Clinic ang pagiging kumpedensiyal at dignidad ng bawat pasyente at anumang impormasyong isinumite para isaalang-alang ang tulong pinansiyal ay tatratuhin bilang protektadong impormasyong pangkalusugan sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA).

## Saan Makakakuha ng Mga Kopya

Ang Polisa sa Tulong Pinansiyal at Aplikasyon ng Mayo Clinic ay kibreng makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa Patient Account Services sa 1-844-217-9591 at paghiling ng kopya sa pamamagitan ng mail o email. Makukuha rin online ang polisa at aplikasyon sa www.mayoclinic.org/financialassistance para i-download at i-print. Ang mga kopya ng polisa at aplikasyon ay makukuha rin sa lugar ng Admissions at Business Services sa lahat ng lokasyon ng ospital ng Mayo Clinic pati na sa lahat ng lokasyon ng Emergency Department.

## Makipag-ugnayan para sa Impormasyon at Tulong

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Polisa ng Tulong Pinansiyal at tulong sa proseso ng aplikasyon ay maaaring makuha mula sa Mga Serbisyo ng Account ng Pasyente:

- Ligtas na portal ng pasyente sa pagbisita sa www.mayoclinic.org/financialassistance at pagpili ng Mag-log sa Account ng Pasyente mula sa home page.
- Maaari ka ring tumawag sa 1-844-217-9591 o pumunta sa lokasyon ng tanggapan ng negosyo:
  Mayo Clinic Hospital, Phoenix, Arizona: 5777 East Mayo Boulevard, Phoenix, AZ

## Para sa mga hindi Nagsasalita ng Ingles

Ang mga pagsasaling-wika ng Polisa ng Tulong Pinansiyal, Aplikasyon sa Polisa ng Tulong Pinansiyal at ang Payak na Wikang Buod na ito ay makukuha sa www.mayoclinic.org/financialassistance.

## Hindi hihigit sa AGB (Amount Generally Billed)

Ang pasyenteng nais maging nararapat sa tulong pinansiyal ay hindi maaaring singilin ng mahigit sa mga halagang pangkalahatang sinisingil sa emergency o ibang medikal na kailangang pag-aalaga sa mga pasyenteng may insurance sa nasabing pag-aalaga.

©2022 Mayo Foundation for Medical Education and Research